7

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kwarter 2

Aralin

3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 7**
**Kwarter 2: Aralin 3 (Linggo 5)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**

- Michelle Torreros (Leyte Normal University)
- Wayne Paul V. Basco (Tinajeros National High School)

**Tagasuri:**

- Voltaire M. Villanueva. (Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN, IKALAWANG KWARTER, ANTAS 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa naging tugon at epekto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng proyekto na nagbibigay-impormasyon sa mga naging tugon sa kolonyalismo at imperyalismo sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Kasanayan sa Pampagkatuto**<br>1. Nasusuri ang mga pamamaraan at patakarang kolonyal sa tatlong bansa ng pangkontinenteng Timog Silangang Asya (Cambodia, Myanmar, at Vietnam).<br>2. Natutukoy ang mga pamamaraan at patakarang kolonyal ng tatlong bansa (Cambodia, Myanmar, Vietnam) ng pangkapuluang Timog Silangang Asya.<br>**Mga Layuning Pampagkatuto**<br>1. Natutukoy ang mga patakarang kolonyal na ipinatupad sa pangkontinenteng Timog Silangang Asya (Cambodia, Myanmar, at Vietnam).<br>2. Naipaliliwanag ang pamamaraang ginamit pinairal ng mga mananakop sa sa pangkontinenteng Timog Silangang Asya (Cambodia, Myanmar, at Vietnam).<br>3. Naihahambing ang kalagayan ang mga pamamaraan at patakarang kolonyal na ipinatupad sa Pilipinas sa pangkontinenteng Timog Silangang Asya (Cambodia, Myanmar at Vietnam). |
| **D. Nilalaman** | Kolonyalismo at Imperyalismo<br>• Ang Kolonyalismo at Imperyalismong Kanluranin sa Pang Kontinenteng Timog Silangang Asya (Cambodia, Myanmar at Vietnam).<br>• Paghahambing ng mga pamamaraan at patakarang kolonyal sa tatlong bansa ng pangkontinenteng Timog Silangang Asya |
| **E. Integrasyon** | • Kulturang Popular (Pagkain, Musika, Entertainment, Fashion, Fads, at Crazes)<br>• Current Events o Kasalukuyang Pangyayari na may Kaugnayan sa Imperyalismo at Kolonyalismo (Aspektong politikal at ekonomiko) |

| | |
|---|---|
| | • Sustainable Development Goals (SDG 8 – Decent Work and Economic Growth, SDG 10 – Reduce inequalities, SDG 16 – Peace, Justice and Strong Institutions, SDG 17 – Partnerships for the Goals)<br>• Edukasyong Pangkapayapaan<br>• Multikulturalismo |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**


Agoncillo, T. (1990). *History of the Filipino People 8th Edition*. C.&E. Publishing Inc.

*Contextualization and localization* (2015). Nakuha sa http://depedtambayanph.blogspot.com/2017/03/depeds-k-12-contextualization- and.html.


*Curriculum and Learning Managament System of the Department of Education* (2015). Nakuha mula sa http://depedcalabarzon.ph/wp- content/uploads/2015/05/Regional-Memorandum-No.8-s.2015.pdf

*DepEd mission* (w.p.). Nakuha mula sa http://www.deped.gov.ph/about-deped/vision-mission-core-values-and-mandate/.


*Enhanced Basic Education Act of 2013*. Nakuha mula sa https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/

*Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan.* 2016, Mayo. Department of Education. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/AP-CG.pdf

Zaide, G. & Zaide S. (2014). *Kasaysayan ng Bansang Asyano Ika-8 Edisyon*. All Nations Publishing Co., Inc.

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**Gawain 1:**<br>Panuto: Isulat ang mga pamamaraan at patakarang ipinatupad sa mga bansa sa pangkapuluang Timog Silangang Asya.<br><br> | Ang gawaing ito ay magsisilbing gabay o maaaring magamit upang balikan ang aralin sa nakalipas na linggo. |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Gawain 2: PARES**<br>Panuto: Hanapin ang kapareha. Kinakilangan na wasto ang larawan ng watawat sa heograpikal ng hugis ng bansa.<br>   <br>   <br>Pamprosesong tanong:<br>**1.** Anu-anong mga bansa ang inyong makikita sa mga larawan?<br>**2.** Sa anong rehiyon ng Timog Silangang Asya kabilang ang mga bansang ito?<br>**3.** Batay sa nakaraang aralin, ilarawan ang sinaunang pamumuhay sa mga sumusunod na bansa:<br>- Vietnam<br>- Cambodia<br>- Myanmar<br>- Thailand<br>**4.** Paano napanatili ng bansang Thailand ang kalayaan nito sa kabila ng mga banta ng pananakop?<br>**5.** Sa inyong palagay, nanatili din ba na malaya katulad ng Thailand ang mga bansang Myanmar, Vietnam at Cambodia? Ipaliwanag. | Maghanda ng mga printed na larawan. Kinakilangan nakatalikod ang bawat sa larawan kapag idinikit sa pisara.<br><br>Paisa-isang buksan ang mga larawan hanggang sa may matandaan ang mga mag-aaral na tutugma sa watawat at heograpikal na hugis ng bansa. Gawin ang proseso hanggang sa lahat ng larawan ay maitapat ng wasto.<br><br>Pinagkunan ng mga larawan.<br><br>https://www.freepik.com/premium-vector/high-detailed-black-map-vietnam-white-isolated-background-vector-illustration_29244073.htm<br><br>https://www.freepik.com/premium-vector/high-detailed-black-map-myanmar-white-isolated-background-vector-illustration_29264934.htm#fromView=search&page=1&position=18&uuid=eebd738b-436f-4615-995c-4df5207bc9ab<br><br>https://stock.adobe.com/ph/images/id/254567533?clickref=1011lyCfnhxd&mv=affiliate&mv2=Freepik&as_camptype=&as_channel=affiliate&as_source=partnerize&as_campaign=Freepik&as_content=api&as_audience=srp&sdid=6WTV6YJ5<br><br>https://stock.adobe.com/ph/search?load_type=search&is_recent_search=&search_type=usertyped&k=isolated+map+of+thailand&native_visual_search=&similar_content_id=&asset_id=822331143<br><br>https://www.britannica.com/topic/flag-of-Thailand<br><br>https://www.britannica.com/topic/flag-of-Vietnam<br>https://www.britannica.com/topic/flag-of-Myanmar |

| | | |
|---|---|---|
| | **3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**Gawain 3: Tukuyin**<br>Panuto: Bigyang-kahulugan ang mga salitang nasa kahon.<br><br><br>Pamprosesong Tanong:<br>1. Ano ang masasabi mo tungkol sa mga salitang binigyang-kahulugan?<br>2. Bakit mahalagang matutuhan ang 3Ps kaugnay sa patakarang kolonyal?<br>3. Ibigay ang pagkakaiba-iba ng kahulugan ng pang-angkin, pag-aalsa at pag-aangkop. | Magbigay ng mga reyalistikong halimbawa na maiuugnay ng mag-aaral ang kanyang sarili sa mga salitang PAG-ANKIN, PAG-AALSA at PAG-AANGKOP.<br><br>Balikan ang mga salitang ito pagtapos ng buong aralin upang maiugnay ang mga ideya sa paksa.<br><br>Magsagawa ng pagpapangkat at magbigay ng mga paksa sa bawat mag-aaral para sa susunod na gawain kinabukasan. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Ikalawang Araw**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Pamamaraan at Patakarang Kolonyal sa mga Bansang Cambodia, Myanmar, at Vietnam**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Gawain 4: MAG-ISIP, MAGPANGKAT, MAGBAHAGI**<br>Ang layunin ng aktibidad na ito ay magbigay-daan sa mga mag-aaral na magkaroon ng masusing pag-unawa at talakayin ang mga pagtugon sa pamamaraan at patakarang kolonyal sa tatlong bansa ng pangkontinenteng Timog Silangang Asya.<br><br>Mag-organisa ng aktibidad kung saan ang mga mag-aaral ay tatalakayin ang pamamaraan at patakarang kolonyal ng bansang Cambodia, Myanmar, at | Kinakailangan na nakapagpangakat na at nakapaghanda na ang mga mag-aaral ng kanilang nasaliksik tungkol sa paksang na nakaatas sa kanila.<br><br>Ang think-pair-share na ito ay isagawa sa pamamagitan ng carousel method.<br><br>Maaaring magbigay din ang guro ng mga supplemental na |

| | | |
|---|---|---|
| | Vietnam.<br><br>Hatiian ang klase depende sa bilang ng mag-aaral. Ibigay sa mga grupo ng mga reading materials o access sa online resources para sa masusing pagsusuri ng mga tanong. Bigyan sila ng oras na magtulungan at talakayin ang kanilang mga sagot. Pagkatapos ay buksan ang talakayan para sa bawat grupo.<br><br>Hikayatin ang mga mag-aaral na isalaysay ang kahalagahan ng pagsusuri sa patakarang kolonyal sa kasaysayan ng mga bansang Myanmar, Cambodia, at Vietnam.<br><br>2. **Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Gawain 5: Imperialism Profile**<br><br>(see table below)<br><br>Pamprosesong Tanong:<br>**1.** Ano ang pangunahing layunin ng mga bansang nangibabaw sa pananakop sa Cambodia, Vietnam at Myanmar?<br>**2.** Paano nakaapekto sa ekonomiya at pambansang kaularan ng mga bansang Cambodia, Vietnam at Myanmar ang mag patakarang ipinatupad sa kanilang bansa? | mga tekstong babasahin o online reasing resources upang mas makapagsuri ang mga mag-aaral.<br><br>Ang bawat pangkat ay binubuo ng tatlong miyembro na magsasagawa ng pagsusuri sa pamamaraan at patakarang ipinatupad sa pangkontinenteng Timog Silangang Asya.<br><br>Miyembro 1 – Vietnam<br>Miyembro 2 – Cambodia<br>Miyembro 3 – Myanmar<br><br>Sa pagbabasa at pagsusuri ng mga mag-aaral ay kinakailangan na masagutan ang Imperialism Profile.<br><br>Isasagawa ito ng bawat isang miyembro sa pangkat.<br><br>Bigyan ng oras ang bawat miyembro upang ibahagi sa kanilang pangkat ang mga impormasyong kanilang nasuri. Kinakailangan na makapag *notes* ang ibang miyembro sa oras ng pagbabahagi ng mga ideya.<br><br>Hindi pa sasagutin ang kahon ng reaksiyon at epekto. |

**BANSA:**

| Kalagayan bago dumating ang mananakop: | BANSANG NANAKOP: | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Paano sinakop? | Ano ang mga patakarang ipinatupad? | Ano ang naging reaksiyon ng mga mamamayan? | Paano nakaapekto ang pananakop sa Politika, Ekonomiya,Kulura, Tradisyon at Paniniwala? |

### Ikatlong Araw

Babalikan ang gawain ng mga mag-aaral, sa pagkakataong ito ay itatama ng guro ang mga ideya at koneptong hindi maunawaan. bigyang pansin ng guro ang mga mahahalagang konsepto at magdadagdag ng ideya sa pagpapalalim ng talakayan.

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Gawain 6**

Panuto: Iugnay ang mga konsepto sa kategorya o kaalamang dapat maipakita sa talahanayan tulad ng:

- Relihiyon
- Kalakalan at Ekonomiya
- Edukasyon
- Wika at Komunikasyon

Pamprosesong tanong:


Ihambing ang patakarang kolonyal ng Espanya sa Pilipinas sa karanasan ng:

- Cambodia sa panahon ng Pranses
- Vietnam sa panahon ng Pranses at Amerikano
- Myanmar sa panahon ng Britanya

| PATAKARANG KOLONYAL NG ESPANYA SA PILIPINAS PILIPINAS |
| --- |
| 1. Relihiyon:<br>Ang pagpapakalat ng Kristiyanismo, partikular ang Katolisismo, ay naging pangunahing layunin ng Espanya sa Pilipinas. Itinatag ang mga misyon at simbahan upang ituro ang Kristiyanismo sa mga katutubo. |
| 2. *Encomienda System*:<br>Ang *encomienda system* ay isang sistema ng pamamahagi ng lupa at mga taong naninirahan dito. Ipinapatupad ito upang pabutihin ang pamumuhay ng mga katutubo at mapanatili ang kaayusan, ngunit madalas ay nauuwi sa pang-aabuso ng mga *encomendero*. |
| 3. *Hacienda System*:<br>Itinatag ang mga *hacienda* bilang malalaking lupain na kadalasang pagmamay-ari ng mga prayle. Ang sistemang ito ay nagresulta sa pang-aagaw ng lupa mula sa mga katutubo at nagdulot ng malupit na pagmamalupit sa mga manggagawa. |
| 4. *Galleon Trade*:<br>Ang *Galleon Trade* ay isang sistema ng kalakalan sa pagitan ng Pilipinas at Mexico. Ang Manila Galleon, isang malaking barko, ay nagdadala ng kalakalang Tsino at Pilipino patungo sa Mexico at nagdadala naman ng produkto mula sa Mexico patungo sa Pilipinas. |
| 5. Wika:<br>Itinuturo ang wikang Kastila at ginagamit ito bilang opisyal na wika sa edukasyon at pamahalaan. Ito ay nagresulta sa pag-unlad ng isang bagong wika, ang Filipino, na may malalim na impluwensiyang Kastila. |

Dapat maipaunawa sa mga mag-aaral na may magkaibang karanasan ang mga Pilpino at mga bansa sa pangkontinenteng Timog Silangang Asya sa panahon ng kolonyalismo at imperyalismo dahil magkaiba ang mga bansang sumakop dito ay nagpatupad sila ng magkaibang mga patakaran.

Dapat ding maunawaan ng mga mag-aaral na kahit magkaiba ang mga pamamaraan at patakarang ipinatupad sa Pilipinas at pangkontinenteng Timog Silangang Asya ay pareho naman itong nagpahirap sa mga mamamayan.

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Matapos maghambing, sagutin ang sumusunod:<br><br>
Sa kabuuan, ano ang masasabi mo sa patakarang kolonyal sa Pilpinas?<br><br>
Sa kabuuang, ano masasabi mo sa patakarang kolonyal sa pangkontinenteng Timog Silangang Asya?<br><br>
Ang mga patakarang kolonyal sa Pilipinas ay ____________________ ________________________________ ________________________________ ________________________________ ________________________________.<br><br>
Ang mga patakarang kolonyal sa Pangkontinenteng Timog Silangang Asya ay ________________________ ________________________________ ________________________________ ________________________________ ________________________________.
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>D. Paglalahat</td>
<td>
Ikaapat na Araw<br>
1. Pabaong Pagkatuto<br>
GAWAIN 7: BUOIN NATIN!<br>
Panuto: Sagutan ang mga graphic organizer tungkol sa mga karanasan ng bawat bansa sa kolonyalismo at imperyalismo at kung ano ang kanilang pamamraan at mga patakarang-kolonyal.<br>


</td>
<td></td>
</tr>
</table>

Pamprosesong Tanong:

1. Paano naapektohan ng kolonyalismo, kasama na ang pamamaraan at patakarang kolonyal, ang pamumuhay at pag-uugali ng mga bansa tulad ng Cambodia, Vietnam, at Myanmar.
2. Paano ito nagbigay ng mahahalagang aral para sa kanilang kasaysayan at identidad bilang mga bansang Asyano?

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

**Gawain 8: Mag-aral is Fun sa Araling Panlipunan!**

Ipakita ang iyong naramdaman batay sa natutuhan sa nakalipas na aralin gamit ang “pag-thumbs up” at “thumbs down” ng iyong kamay.



Madali sa akin ang naging aralin at naging mahusay ako sa paksang tinalakay.



Naging mahirap para sa akin ang nakalipas na aralin.

| | |
|---|---|
| | ________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________ |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>I. Panuto: Punan ng angkop ng sagot ang patlang. Piliin ang tamang sagot sa kahon.<br><br>Divide and rule — Forced Labor — Military Force<br>Exploitation ng Yaman — Assimilation Policy | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">

1. Ang mga dayuhan ay nagpatupad ng patakaran ng ___________, na nagpapalakas sa kanilang impluwensya at kontrol sa pamahalaan at lipunan ng Cambodia.
2. Ang __________ ay isang paraan ng pang-aabuso at pagpapahirap sa mga lokal na mamamayan, kabilang ang pagpapalayas sa kanilang lupaing pang-ani.
3. Ang pamamaraang ginamit sa pananakop sa Myanmar ay kinabibilangan ng paggamit ng lakas-militar at __________ upang mapasuko ang mga lokal na tribu at pamayanan.
4. Ang mga dayuhan ay gumamit ng ___________ upang kontrolin ang ekonomiya at mga yaman ng Vietnam.
5. Ang patakarang _______ ay nagresulta sa pagkawasak ng tradisyunal na sistema ng pamahalaan sa Myanmar at paglaganap ng pagsasamantala mula sa mga dayuhan.

**II.** Panuto: Sumulat ng 3-4 na pangungusap na naglalarawan sa kalagayan ng pangkontinenteng Timog Silangang Asya sa panahon ng kolonyalismo at imperyalismo.

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin (Opsiyonal)**

</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="4">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="4">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anumang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging sa mga gawain na</td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Kagamitan</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***At iba pa*** | | | ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br><br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br><br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br><br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |